



# County of San Diego

## DEPARTMENT OF ENVIRONMENTAL HEALTH AND QUALITY

### FOOD AND HOUSING DIVISION

P.O. BOX 129261, SAN DIEGO, CA 92112-9261  
Phone: (858) 505-6900 | Fax: (858) 999-8920 | [www.sdcdehq.org](http://www.sdcdehq.org)



## MGA QUICKFACTS NG MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATION (MEHKO)

Ang **Microenterprise Home Kitchen Operation (MEHKO)** ay isang uri ng serbisyo ng pagkain, katulad ng maliit na restawran, na pinapatakbo ng isang residente sa pribadong tahanan na kung saan ang pagkain ay iniimbak, hinawakan, at inihanda at saka isisilbi sa mga kostumer. Sa ibaba ay mabilis na mga katotohanan tungkol sa mga kinakailangan ng MEHKO, mga limitasyon, at ang mga hakbang na kailangan upang magsisimula ng MEHKO sa San Diego County.



### Mga Kinakailangan ng MEHKO

- Isang permit na inisyu mula sa Department of Environmental Health & Quality ay dapat kukunin bago magpapatatko ng MEHKO.
- **Isang** full-time na empleyado ng pagkain, (hindi kasali ang isang miyembro ng pamilya o miyembro ng sambahayan) ay maaaring magtatrabaho sa MEHKO.
- Ang operator ng MEHKO ay dapat tagumpay na makakapasa sa isang aprubado at akreditadong eksaminasyon ng pagpapatunay ng pamamahala sa kaligtasan ng pagkain. At saka, ang sinumang (mga) tao na makikilahok sa MEHKO ay dapat nakakumpleto sa pagsasanay na maging tagahawak ng pagkain.
- Ang pagkain ay dapat inihanda, iniluto, at isisilbi sa parehong araw.
- Ang mga tao ay maaaring kumakain sa iyong tahanan, mag-takeout, o ipapahatid ang kanilang pagkain.
- Ang mga pagpipiliang pagkain na maihahanda ay kabilang ang malawak na iba't ibang mga menu na istilo ng restawran.

### Mga Limitasyon ng MEHKO

- **Isang** MEHKO lamang ang pahintulutan sa bawat residensya. Dapat dito ang pangunahing tirahan ng operator ng MEHKO.
- Ang paghahanda ng pagkain ay limitado sa pinakamarami na 30 mga kainan bawat araw o 60 mga kainan sa bawat linggo, na may taunang sales cap na \$50,000 bilang sa inaayos taun-taon ayon sa California Consumer Price Index.
- Walang karatula o ibang mga display sa labas para sa pag-aanunsyo ang pinahintulutan.
- Ang pagkain mula sa MEHKO ay hindi maaaring ibebenta sa ibang mga pasilidad ng pagkain.
- Ang empleyado lamang ng MEHKO, o isang miyembro ng pamilya, ang maaaring maghahatid ng pagkain sa kostumer.
- Ang MEHKO ay hindi maaaring maggagawa, magsisilbi, o maggagamit ng raw milk, o magsisilbi ng hilaw na talaba o anumang pagkain na nangangailangan ng plano ng HACCP/nakadalubhasang proseso.
- Ang MEHKO ay hindi rin makapagpatakbo bilang isang Cottage Food Operator at hindi rin mag-cater o magsisilbi bilang isang komisaryo para sa mga pasilidad ng mobile na pagkain.

### Paano Magbukas ng Isang MEHKO

- 1) Isumite ang sumusunod sa aming departamento para sa pagsusuri: **a)** Aplikasyon ng Food Facility Health Permit, **b)** Form ng Standard Operating Procedure, **c)** Food Safety Certificate, at **d)** Mga resulta sa pagsusuri ng tubig (kapag sa isang pribadong balon).
- 2) Kapag ang lahat na mga dokumento sa itaas ay inirepaso at inaprubahan na ng departamentong ito, at ang mga bayarin ng permit ay nabayaran na, ang Health Permit upang makapagpatakbo ng MEHKO ay ii-isyu.
- 3) Isang pag-inspeksyon sa iyong kusina sa tahanan sa pamamagitan ng isang tagapagsuri ay dapat nakumpleto bago mapagsimulan ang pagpapatatko ng iyong MEHKO. Ihahatid sa iyo ang iyong health permit sa panahon ng paunang pag-inspeksyon na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang webpage ng Department of Environmental Health & Quality sa: <http://www.sdcdehq.org> o mag- e-mail sa amin sa [fhdmekho@sdcounty.ca.gov](mailto:fhdmekho@sdcounty.ca.gov).